

Lungsod ng Hesperia

Numero ng Dokumento:	ORG 49
Pahina	1 of 12
Bilang ng Rebisyon	0
Petsa ng Pagpapatupad	02/01/2020
Enabling/Authorizing Documents	Joint Resolution No. 2020-02 & HWD 2020-01

Patakarang Administratibo at Manwal ng Pamamaraan

Patakarang: Patakarang sa Pagtigil ng Residensiya na Serbisyo ng Tubig Dahil sa Hindi Pagbabayad Alinsunod sa SB 998.

1.0 Layunin

Ang Patakarang ito ay naglalayong sumunod sa Senate Bill 998 – Pagtigil ng Residensiya na Serbisyo ng Tubig, na pinagtibay sa California Health and Safety Code 116900 et. seq., epektibo sa Pebrero 1, 2020, at namamahala sa administrasyon ng pangongolekta ng kabayaran ng mga residensiya at iba pang hindi pang-residensiya na mga konsyumer, maliban sa mga sadyang binabanggit sa ibaba, kasama rin ang mga notipikasyon, pagpapataw ng singil, at pagputol sa serbisyo.

Ang Patakarang ito ay mababasa ng publiko sa website ng Distrito sa: www.cityofhesperia.us. Ang Distrito ay maari ring tawagan sa telepono sa 760-947-1840 para sa mga katanungan tungkol sa pagbabayad ng bill ng tubig o pag-usapan ang mga maaring gawin maiwasan ang pagtigil ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng termino ng patakarang ito.

2.0 Pamamaraan

- A. Pagibigay at Pagbabayad ng Bills - Ang bills para sa serbisyo ng tubig ay ibibigay sa bawat konsyumer dalawang beses bawat isang buwan maliban kung may ibang pinagkasunduang iskedyul sa Distrito. Ang bills ay kailangan at nakatakdang bayaran pagkabigay at magiging overdue at sumasailalim na sa pagtigil ng serbisyo kung hindi nabayaran sa loob ng animnapung (60) araw mula sa petsa ng singil. Maaaring magbayad sa mga opisina ng Distrito o sa kanino mang awtorisadong kinatawan ng Distrito na may karapatang mangolekta. Gayunpaman, responsibilidad ng konsyumer na siguruhing ang buong bayad ay matanggap sa opisina ng Distrito sa nakatakdang araw ng pagbabayad. Ang parsyal na bayad ay hindi pinahihintulutan maliban kung may naaprubahang pakikipagkasundo sa Distrito. Ang bills ay kino-compute sa mga sumusunod na paraan:

1. Ang metro ng tubig ay babasahin nang regular na magkaka-agwat na iskedyul para sa preparasyon ng periodic bills at kailangan para sa preparasyon ng panimulang bill, closing bills , at special bills.
 2. Makikita sa bills ng metered service ang kasalukuyan at nakaraang meter reading na nakalagay sa ibinigay na bill, ang bilang ng units, at ang petsa ng bill.
 3. Isang dalawampung (20) araw na grace period mula sa petsa ng bill ang ibibigay sa konsyumer. Ang bayad na natanggap pag lampas ng 20 araw mula sa petsa ng bill ay mapapatawan ng late charge, batay sa talaan ng bayad at singil ng Distrito, na ipapataw at idadagdag sa hindi nabayarang balanse ng konsyumer.
 4. Nararapat na ang kabayaran ng bills ay nasa legal na pananalapi ng America. Gayunpaman, maaring tanggihan ng Distrito ang pagtanggap ng barya bilang kabayaran.
- B. Hindi Nababayaranang Bills (“Past Due”) - Sasailalim sa mga sumusunod na patakaran ang mga konsyumer na hindi nakapagbabayad ng bills sa loob ng animnapung (60) araw mula sa petsa ng pagtanggap ng bill.
1. Past Due Notice – kung ang bill ay hindi mababayaran sa ika-dalawampu’t isang (21) araw mula sa petsa nito, isang paunawa (ang “Past Due Notice”) ay ipadadala sa pamamagitan ng koreo sa account holder ng serbisyo ng tubig.
 2. Paunawa sa Pagtigil ng Residensiyal na Serbisyo dahil sa Hindi Pagbabayad – Kapag ang bill ay hindi nabayaran sa o bago sa ika-apatnapu’t siyam (49th) na araw mula sa petsa ng bill, isang paunawa sa pamamagitan ng tawag sa telepono ang ipa-aabot sa konsyumer na nagbababala ng paghinto ng serbisyo ng hindi kukulangin sa pitong araw (7 business days) bago sa napipintong pagputol ng serbisyo na nakalagay sa Past Due Notice. Ang mga mensahe sa telepono ay maglalaman ng alok ng Distrito sa konsyumer ang kopya ng Patakarang ito at bibigyang pagkakataon ang konsyumer na pag-usapan ang mga alternatibong paraan ng pagbabayad na nakasaad sa Seksiyon 2.1 sa ibaba, at ang mga pamamaraan ng pagsusuri at pag-apela sa bill ng konsyumer ayon sa Seksiyon 2.2 sa ibaba. Sa layunin ng Patakarang ito, ang terminolohiyang “business days” ay nangangahulugang ang mga araw ng negosyo kung kailan ang Distrito ay bukas.
 3. Hindi Na-kontak ang Kostumer – Kapag ang pagsisikap ng Distritong makipag-ugnay sa kostumer ay hindi nagtagumpay, bibisitahin ng Distrito ang tirahan at magi-iwan, o gagawa ng iba pang paraan na ilagay sa isang madaling makitang lugar, ng kopya ng Patakarang ito nan aka-address sa “Occupant” at isang paunawa ng napipintong pagtigil ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad.
 4. Turn-Off Deadline – Ang pagbabayad ng bill at lahat ng ipinataw na singil o charges ay dapat matanggap sa opisina ng Distrito hanggang alas kwatro y media (4:30pm) ng petsang nakalagay sa Past Due Notice. Hindi tatanggapin ang tatak-koreo (postmark).
 5. Pagbabalik ng Serbisyo – Ibabalik lamang ang serbisyo ng tubig kapag ang lahat ng babayaran, kasama ang halaga ng bill, ang mga naipataw na singil

para sa naantalang pagbabayad, mga deposito, at anuman at lahat ng singil upang muling ikonekta ang serbisyo, ay kailangang bayaran nang “cash” o ibang tinatanggap at sertipikadong paraan ng pagbabayad.

6. Paunawa Tungkol sa mga Ibinalik na Tseke – Kapag ang bayad na natanggap ng Distrito para sa serbisyo ng tubig ay ibinalik (returned check/credit card chargeback), ituturing ng Distrito na hindi bayad ang account. Makikipagugnay ang Distrito sa konsyumer sa pamamagitan ng paggamit ng telepono at mag-iwan sa lugar ng paunawa sa pagtigil ng serbisyo ng tubig pag nabigong makipag-ugnay sa konsyumer sa telepono. Ang serbisyo ng tubig ay ititigil kung ang halaga ng returned check at ng returned charge ay hindi nabayaran sa nakatakdang petsa na nakalagay sa paunawa, na ang due date ay hindi mas maaga sa petsang nakasaad sa Past Due Notice; o kung ang Past Due Notice ay hindi pa dating naibigay, na hindi mas maaga sa ika-animnapung (60) araw makalipas ang petsa kung kailan ibinayad ang returned check. Kung nais ng konsyumer na makakuha ng kopya o pagbabalik ng tsekeng ibinalik sa Distrito, kailangang bayaran ng konsyumer ang lahat ng halagang singil at karagdagang singil (charges) sa pamamagitan ng cash o anumang sertipikadong pondo o kabayaran.

7. Ibinalik na Tsekeng Ibinayad sa Naputol na Serbisyo ng Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad

(a) Kapag ang tsekeng ipinangbayad at tinanggap ng Distrito upang maibalik ang nahintong o pinutol na serbisyo ng tubig ay ibinalik at hindi negosyabol, maaring ihinto ng Distrito ang naibalik na serbiyo matapos magbigay ng isang araw na notipikasyon. Maibabalik lamang ang serbisyo kapag nakatanggap ng kabayaranang cash o sertipikadong pondo mula sa konsyumer. Kapag naipanumbalik ang serbisyo, ang account ng konsyumer na ito ay mamarkahan ng nangyaring pagbabalik ng ginawang kabayaran.

(b) Kapag maikalawang ulit na ang konsyumer ay nagbigay ng hindi negosyabol na kabayaran, ang ganitong uri ng kabayaran ay hindi na tatanggapin ng Distrito sa loob ng isang taon pagkatapos ang nabanggit na isyu sa pagbabayad. Ang kabayaranang cash o sertipikadong pondo lamang ang tatanggapin ng Distrito sa loob ng isang taong ito.

- C. Mga Kondisyong Magbabawal ng Pagtigil o Pagputol ng Residensiya na Serbisyo ng Tubig - Hindi maaring putulin ng Distrito ang serbisyo ng tubig na pang-residensiya kapag ang konsyumer ay dumaranas ng lahat ng sumusunod na mga kondisyon:

1. Kondisyong Pangkalusugan – Kapag ang konsyumer o ang nangangasera (tenant) ng konsyumer as nagsumite (submit) ng sertipikasyon ng pagiging “Pangunahing Tagapag-alaga”, sa kahulugang ibinibigay ng Welfare and Institutions Code Section 14088(b)(1)(A), kung saan ang paghinto ng serbisyo ng tubig ay (i) maglalagay ng buhay sa panganib, o (ii) maaring maging sanhi ng ikasasama ng kalusugan o kaligtasan ng sinumang naninirahan sa tirahang gumagamit ng serbisyo ng tubig;

2. Walang Kakayahang Pinansyal - Maipapakita ng konsyumer na wala siyang kakayanang bayaran ang singil sa serbisyo ng tubig sa normal na mga petsang nararapat magbayad. Itinuturing na walang kakayanang pampinansiyal ang konsyumer kung ang simumang miyembro na naninirahan sa tirahan ng konsyumer ay: (i) kasalukuyang tumatanggap ng mga sumusunod na banapisyo: CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong (general assistance), Medi-Cal, SSI/State Supplementary Payment Program o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children; o (ii) ang konsyumer ay nagdedeklara ng isang taong sahod na mababa sa dalawandaang porsiyento (200%) ng “federal poverty level”; at
 3. Alternatibong Paraan ng Pagbabayad – ang konsyumer ay handang sumang-ayon sa isang kasuduan ukol sa amortisasyon ng pagbabayad (amortization agreement), sumang-ayon sa iskedyul ng alternatibong paraan ng pagbabayad, o sumang-ayon sa may palugit o hinabaang panahon ng pagbabayad o binabaang halaga ng dapat bayaran, sang-ayon sa mga probisyon ng Seksiyon 2.1 ng dokumentong ito.
- D. Paraan ng Pag-alam ng mga Kondisyong Magbabawal ng Pagtigil o Pagputol ng Residensiyal na Serbisyo ng Tubig – Ang konsyumer ang dapat magpatunay ng mga kondisyong binanggit sa Seksyon C. Upang mabigyan ang Distrito ng sapat na panahon na sagutin ang sinumiteng pakiusap ng isang konsyumer, kailangang agad na magbigay ang konsyumer ng mga dokumentong magpapatunay ng kondisyong medikal o pangkalusugan na binanggit sa Subdibisyon(C)(1), dokumento ukol sa walang kakayanang pinansiyal sa Subdibisyon (C)(2), at pagsang-ayon na makipagkasundong sumailalim sa alteribong paraan ng pagbabayad ayon sa Subdibisyon (C)(3) bago ang takdang araw na nasa notipikasyon ng paghinto ng serbisyo. Irerepaso/pag-aaralan or ire-review ng City Manager, o ng kanyang kinatawan, ang mga isinumiteng dokumento at magpapadala siya ng kasagutan sa konsyumer sa loob ng pitong (7) araw na maaring upang humingi ng karagdagang impormasyon, kasama ang mga impormasyon sa maaaring alternatibong paraan ng pagbabayad, o upang bigyan ang konsyumer ng notipikasyon ng alternatibong paraan ng pagbabayad at mga alituntuning kalakip nito ayon sa Seksiyon 2.1 ng dokumentong ito. Ang mga impormasyong hinihiling ng Distrito ay kailangan maibigay ng konsyumer sa loob ng pitong araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap ng kahilingan ng Distrito. Ang Distrito naman ay mayroon ding pitong araw upang ipaalam sa konsyumer kung ang mga isinumite ng konyumer ay hindi tumutugon sa mga kondisyong kailangang mapatunayan sa ilalim ng nabanggit na Subdibisyon C, o iparating sa konsyumer sa isang kasulatan ang alternatibong paraan ng pagbabayad na maaari niyang lahukan at ang mga alituntunin nito ayon sa Seksiyon 2.1 ng dokumentong ito. Ang mga konsyumer na hindi makapagbibigay ng mga patunay na nabanggit sa Subdibisyon C ay nararapat na magbayad ng hindi pa nababayaranang singil, kasama ang singil sa pagiging huli ng kabayaran (late

charges) at iba pang multa at kautangan sa Distrito sa (i) loob ng dalawang araw (2 business days) matapos matanggap ang notipikasyon na hindi napatunayan ng konsyumer and mga kondisyong sa Subdibisyon C; o (ii) ihinto o putulin ang serbisyo ng tubig sa takdang petsang nakasaad sa Past Due Notice.

E. Mga Espesyal na Panuntunan para sa mga Low Income Residential Consumers

– Ang mga pang-Residensiyal na konsyumer ay ituturing na may sahod o kita na mababa sa dalawang daang porsiyento (200%) ng pambansang linya o antas ng kahirapan (federal poverty line) kung: (sinumang miyembrong naninirahan ay kasalukuyang tumatanggap ng mga sumusunod na benepisyo: Cal WORKS, CalFresh, , pangkalahatang tulong (general assistance), Medi-Cal, SSI/State Supplementary Payment Program o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children; o (ii) kapag ang konsyumer ay nagdeklara ng pangkabahayang taunang sahod na mababa kaysa dalawandaang porsiyento (200%)ng pambansang linya o antas ng kahirapan. Kapag ang mga nabanggit na kondisyon sa seksiyong ito ay naipakita at napatunayan ng konsyumer, ang mga sumusunod ay maaaring isagawa:

1. Singil sa Pagbabalik ng Serbisyo ng Tubig - Kapag ang pinutol na serbisyo ay ibinalik, ang singil para sa regular na oras ng pagtatrabaho ng kawani ng Distrito ay hindi hihigit sa \$50. Kapag ang muling pagkonekta ng serbisyo ay hindi gagawin sa regular na oras ng trabaho ng kawani ng Distrito, ang singil ay hindi hihigit sa \$150. Ang mga singil na ito ay hindi maaaring humigit sa sa aktwal na halaga ng singil sa muling pagkonekta kapag ito ay mas mababa sa sa nakatakdang hangganan ng singil (“caps”) sang-ayon sa batas. Ang mga “caps”na ito ay maaaring baguhin o –i-adjust kada taon dahil sa pagbabago sa Consumer Price Index (CPI) ng sa lugar ng Riverside-San Bernardino-Ontario simula sa unang araw ng Enero 2021. Ang normal na oras ng operasyon ng mga kawani ng Distrito na nag-kokonekta o nagpuputol ng serbisyo ng tubig ay Lunes hanggang Huwebes mula alas seis y media (6:30) ng umaga hanggang alas cuatro (4:00) ng hapon, at mula alas seis y media (6:30) ng umaga hanggang alas tres (3:00) ng hapon tuwing Biyernes.
2. Hindi Pagsingil ng Interes – Hindi sisingil ang Distrito ng interes sa huling pagbabayad ng bill kung ito ay isang beses lamang na nangyari sa loob ng isang taon.

F. Landlord-Tenant – Ang sumusunod na pamamaraan ay ipatutupad sa mga nagsosolong tirahang tinitirahan ng isang pamilya na may kani-kaniyang metro ng tubig, sa mga maramihang magkakarugtong na tirahan, at mga tirahang nasa mobile home parks kung saan ang magmamay-ari ng tirahan o lugar o ang manager nito ay may mahusay at magandang record sa Distrito sa pagbabayad ng bill ng tubig.

1. Kailangan at Nararapat na Paunawa

- (a) Hindi kukulangin sa sampung (10) araw ng kalendaryo kung ang property ay multi-unit residential structure o mobile home park, o pitong (7) araw ng kalendaryo bago kung ang property ay nakahiwalay na single-family dwelling, ang posibleng pagtigil ng serbisyo ng tubig, ang Distrito ay magsusumikap na ipaalam sa mga tenants/occupants ng property sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa na ang serbisyo ng tubig ay ititigil.
- (b) Ang paunawa ay magbibigay din ng impormasyon sa mga tenants/occupants na sila ay may karapatang maging direktang kostumer na sisingilin sa serbisyo ng tubig (tingnan ang Subdibisyon 2 sa ibaba ng dokumentong ito), na hindi nila kailangang bayaran ang mga nakalipas na delingkuwenteng halaga.

2. Tenants/Occupants na Naging Customer

- (a) Hindi obligado ang Distrito na bigyan ng serbisyo ang tenants/occupants maliban kung sila ay sasang-ayon sa mga takda at kondisyon ng serbisyo at kanilang matugunan ang mga kinakailangan at panuntunan ng Distrito.
- (b) Gayunpaman, kung (i) ang isa o mahigit pang tenants/occupants ay tumanggap ng responsibilidad sa pagbabayad ng singil para sa serbisyo ng tubig na tatanggapin ng Distrito, o (ii) kung mayroong pisikal na pamamaraan na mapili ng Distrito na ihinto ang serbisyo sa mga nangungupahan or naninirahang hindi nakapagbabayad, maaring ang serbisyo ng tubig ay panatilihin matatanggap ng mga tenants/occupants na nakakatugon sa mga requirements ng Distrito.
- (c) Kung ang nakaraang serbisyo sa loob ng partikular na haba ng panahon ay kondisyon upang magkaroon ng record ng pagbabayad sa Distrito, ang patunay ng paninirahan sa kinaroroonan at patunay ng maayos na pagbabayad sa serbisyo ng tubig sa panahon ng paninirahan ay maaring maging batayan ng Distrito.

2.1 Alternatibong mga Paraan ng Pagbabayad para sa mga Residensiyal na Konsyumer – Ang Seksyon 2.1 ay ilalapat lamang sa mga account ng residensiyal na mga konsyumer. Sa sinumang residensiyal na konsyumer na nakatugon sa mga kondisyon sa ilalim ng Seksyon 2.0 (C), alinsunod sa prosesong nakassad sa Seksyon 2.0(D) sa itaas ng dokumentong ito, ang Distrito ay magbibigay ng mga sumusunod na alternatibong paraan ng pagbabayad, sa diskresyon ng Distrito: (i) amortisasyon ng hindi pa bayad na kakulangang halaga sa ilalim ng sumusunod na nasusulat na Subdibisyon (A); (ii) alternatibong iskedyul ng pagbabayad sa ilalim ng Subdibisyon (B); (iii) parsyal o buong pagbawas ng halaga ng hindi nababayarang singil sa ilalim ng Subdibisyon (C); o (iv) pansamantalang pagbibigay ng palugit sa panahon o petsa ng pagbabayad sa ilalim ng Subdibisyon (D) ng dokumentong ito. Ang City Manager, o ang kanyang inatasan, sa kanilang risonableng pagdedesasyon, ay maaring pumili ng pinakaakmang alternatibong paraan ng pagbabayad matapos rebisahan (review) ang impormasyon at dokumentasyong isinumite ng konsyumer na may pagsasa-alang-alang sa

sitwasyong pinansiyal ng konsyumer at sa pangangailangan ng Distrito na makalipon ng kabayaran.

- A. Amortisasyon – Kapag ang City Manager, o kayang itinalagang kinatawan, ay pumili ng plano ng amortisasyon ng pagbabayad para sa konsyumer, ang konsyumer ay kailangang makipagkasundo sa Distrito sa isang nasusulat na planong amortisasyon sang-ayon sa mga sumusunod:
1. Termino – Nararapat bayaran ng konsyumer ang hindi pa bayad na singil, kasama ang pang-administratibong singil (fee) at interes na tinutukoy sa sumusunod na Subdibisyon (2), sa loob ng labindalawang (12) buwan, na isasaad ng City Manager o ng kanyang itinalagang kinatawan. Ito ay sa kondisyong ang City Manager o ang kanyang itinalagang kinatawan, sa kanilang makatwirang diskresyon, ay maipasasatupad ang amortisasyong hindi lalampas as labindalawang buwan upang hindi mahirapan ang konsyumer. Ang singil na hindi pa bayad, kasama ang mga singil pang-administratibo at interes na ipapataw, ay hahatiin sa dami ng buwan ng pinayagang panahon o haba ng amortisasyon at ang halaga ng amortisasyon ay idadagdag sa kada buwang singil sa tuloy na serbisyo ng tubig sa konsyumer.
 2. Singil Pang-Administratibo at Interes – para sa alinmang inaprubahang plano ng amortisasyon, ang konsyumer ay sisingilin ng pang-administratibong singil (fee), sa halagang itatalaga ng Distrito, na maaring mapalitan sa loob ng panahon ng amortisasyon, para sa gastos ng Distrito sa pangangasiwa ng planong amortisasyon. Sa diskresyon ng City Manager or itinalagang kinatawan, magpapataw ng interes sa halaga ng amortisasyon na hindi hihigit sa walong porsiyento (8%) sa isang taon ayon sa Subseksiyon A.
 3. Pagsunod sa Plano ng Amortisasyon – Ang konsyumer ay nararapat na sumunod sa Plano ng Amortisasyon at panatilihin ito ay natutugunan dahilan sa ang mga halagang sinisingil ay maiipon at papatong sa pangkasalukuyang singil sa serbisyo kung hindi mababayaran. Hindi na makahihingi ng karagdagan at panibagong amortisasyon ang konsyumer para sa mga hindi pa rin mababayarang mga singil sa serbisyo habang nagbabayad ng mga hindi pa bayad na singil sa ilalim ng planong amortisasyon. Kapag hindi nasunod ng konsyumer ng planong amortisasyon na ipinapatupad sa loob ng animnapung (60) araw (kabilang ang Sabado at Linggo) o mahigit pa, o hindi mabayarang ang kasalukuyang bill sa loob ng animnapung (60) araw (kabilang ang Sabado at Linggo) o mahigit pa, maaring putulin ng Distrito ang serbisyo ng tubig sa tirahan ng konsyumer limang araw matapos magpaskil ang Distrito ng notipikasyon sa tirahan nito na nagsasaad ng isasagawang paghinto o pagputol ng serbisyo.
- B. Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad – Kapag ang ang City Manager o ang kanyang itinalagang kinatawan ay namili ng alternatibong iskedul ng

pagbabayad para sa konsyumer, kailangan ang nakasulat na pagsang-ayon ng konsyumer sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad na ibinibigay ng Distrito alinsunod sa mga sumusunod na mga takda (terms):

1. Panahon ng Pagbabayad – Kailangang bayaran ng konsyumer ang hindi bayad na balance ng singil, kasama ang singil pang-administratibo at ang interes na nakasaad sa Subdibisyon (2), sa loob ng panahong hindi hihigit sa labindalawang (12) buwan, na tinukoy ng City Manager o kanyang itinalagang kinatawan. Ito ay sa kondisyong ang City Manager o ang kanyang itinalagang kinatawan, sa kanilang makatwirang diskresyon, ay maipasasatupad ang amortisasyong hindi lalampas as labindalawang (12) buwan upang hindi mahirapan ang konsyumer.
2. Singil Pang-Administratibo at Interes - para sa alinmang inaprubahang iskedyul ng amortisasyon, ang konsyumer ay sisingilin ng pang-administratibong singil (fee), sa halagang itatalaga ng Distrito, na maaring mapalitan sa loob ng panahon ng amortisasyon, batay sa resolusyon o ordinansa ng City Council, na nagsasaad ng halaga ng gastos ng Distrito sa pag-aayos at pangangasiwa ng planong amortisasyon. Sa diskresyon ng City Manager o itinalagang kinatawan, magpapataw ng interes sa halaga ng amortisasyon na hindi hihigit sa walong porsiyento (8%) sa isang taon ayon sa Subseksiyon B na ito.
3. Iskedyul – Ang City Manager o ang kanyang itinalagang kinatawan ay gagawa ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad. Ang alternatibong iskedyul ay magbibigay ng pagkakataon para sa pana-panahong pagbabayad ng kabuuang sinisingil na halaga na hindi sunod sa itinakda ng Distrito na petsa ng pagbabayad, maaring ring magbayad nang mas madalas kaysa buwanang pagbabayad, sa kondisyong, sang-ayon sa Subdibisyon (1) nakasaad sa taas ng dokumentong ito, ang hindi bayad na balance at singil pang-administratibo ay mabayaran nang buo sa loob ng panahong hindi lalampas sa labindalawang (12) buwan ng ginawang iskedyul ng pagbabayad. Ang pagsang-ayon sa iskedyul ay nararapat ibigay sa konsyumer sa isang kasulatan.
4. Pagsunod sa Plano o Iskedyul ng Amortisasyon – Ang konsyumer ay nararapat na sumunod sa Plano ng Amortisasyon at panatilihin ito ay natutugunan dahilan sa ang mga halagang sinisingil ay maiipon at papatong sa pangkasalukuyang singil sa serbisyo kung hindi mababayaran. Hindi na makahihingi ng karagdagan at panibagong amortisasyon ang konsyumer para sa mga hindi pa rin mababayaran mga singil sa serbisyo habang nagbabayad ng mga hindi nabayaran singil sa ilalim ng planong amortisasyon. Kapag hindi nasunod ng konsyumer ang iskedyul ng amortisasyon na ipinapatupad sa loob ng animnapung (60) araw (kabilang ang Sabado at Linggo) o mahigit pa, o hindi mabayaran ang kasalukuyang bill sa loob ng animnapung (60) araw (kabilang ang Sabado at Linggo) o mahigit pa, maaring putuling ng Distrito ang serbisyo ng tubig sa tirahan ng konsyumer limang araw

matapos maspaskil ang Distrito ng notipikasyon sa tirahan nito na nagsasaad ng isasagawang pahinto o pagputol ng serbisyo.

- C. Pagbabawas ng Hindi Bayad na Balanse – Kapag nakapili ang Distrito ng alternatibong paraan ng pagbabayad, makakatanggap ang konsyumer ng kabawasan sa halagang hindi pa bayad na hindi hihigit sa tatlung porsiyento (30%) ng balance kung walang pagsang-ayon ng o aksiyon ng Water District Board; sa kundsiyong ang kabawasan sa utang ay hindi pupunan or popondohan ng karagdagang singil mula ibang customer ng Distrito. Ang proporsiyon o halagang ibabawas ay iaayon sa pangangailangang pinansiyal ng konsyumer, sa kondisyon at pangangailangang pinansiyal ng Distrito, at sa pagkakaroon ng pondo na makapupuno sa halagang ibabawas sa hindi bayad na balance ng konsyumer.
1. Repayment Period – kailangang magbayad ng konsyumer ng binawasang halaga ng singil sa petsang itinakda ng City Manager o ng kanyang itinalagang kinatawan, kung saan ang petsang ito ng Pagbabayad ng Binawasang Kabayaran (Reduced Payment Date) ay hindi kukulang sa labinglimang araw (kabilang ang Sabado at Linggo) (15 calendar days) mula sa epektibong petsa ng ibinabang balance ng bill.
 2. Pagsunod sa Petsa ng Pagbabayad ng Binawasang Halaga ng Babayaran – kailangang bayaran ng konsyumer ang pinababang singil sa o bago ang itinakdang petsa ng pagbabayad, at kailangang mabayaran nang buo ang ang lahat ng babayaran sa mga sumusunod na pangkasalukuyang bills o singil upang hindi maipon ang mga sumusunod na singil. Kapag hindi nabayaran ng konsyumer ang ibinabang babayaran sa loob ng animnapung (60) araw (kabilang ang Sabado at Linggo) mula sa itinakdang petsa ng pagbabayad, o hindi makapagbayad ng kasalukuyang singil sa serbisyo ng tubig sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa, maaring putulin ng Distrito ang serbisyo ng tubig sa tirahan ng konsyumer matapos ang limang (5) araw matapos magpaskil ang Distrito ng Pinal na Notipikasyon ng isasagawang pagputol ng serbisyo ng tubig.
- D. Pansamantalang Pag-aantala (Deferral) ng Pagbabayad – Kapag pumili ang Distrito ng alternatibong paraan ng pagbabayad para sa konsyumer, pansamantalang maaantala o maipagpapaliban ang pagbabayad ng konsyumer nang hanggang anim (6) na buwan matapos ang takdang petsa ng pagbabayad. Ang Distrito ang magsasabi kung gaanong kahabang palugit o pag-aantala ng pagbabayad ang ibibigay sa konsyumer.
1. Panahon ng Pagbabayad – Nararapat na bayaran ng konsyumer ang balanseng hindi bayad sa petsang itinakda (Deferred Payment Date) ng City Manager o ng kanyang itinalagang kinatawan. Ang petsa ng Binigyang-Palugit na Pagbabayad ay nararapat na hindi lalampas sa labindalawang (12) buwan mula sa petsa kung kailan hindi nabayaran

ang hindi nabayarang bill, maliban kung , sa diskresyon ng City Manager o ng kanyang itinalagang kinatawan, na maaring magbayad nang lampas sa labindalawang (12) buwan upang hindi mahirapan ang konsyumer.

2. Pagsunod sa Petsa ng Pagbabayad ng Binawasang Halaga ng Babayaran – kailangang bayaran ng konsyumer ang pinababang singil sa o bago ang itinakdang petsa ng pagbabayad, at kailangang mabayaran nang buo ang ang lahat ng babayaran sa mga sumusunod na pangkasalukuyang bills o singil upang hindi maipon ang mga sumusunod na singil. Kapag hindi nakabayad ang konsyumer ang inantalang petsa ng paybabayad sa loob ng animnapung (60) araw (kabilang ang Sabado at Linggo), o hindi makapagbayad ng kasalukuyang singil sa serbisyo ng tubig sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa, maaring putulin ng Distrito ang serbisyo ng tubig sa tirahan ng konsyumer matapos ang limang (5) araw matapos magpaskil ang Distrito ng Pinal na Notipikasyon ng isasagawang pagputol ng serbisyo ng tubig.

2.2 Pag-Apela (Appeals) – Ang sumusunod ay ang paraan ng pag-apela sa halagang babayaran na nakasaad sa bill para sa pang-residensiyal na serbisyo:

A. Pagtatalo ng Konsyumer sa Distrito ukol sa Halaga ng Bill (Consumer Dispute of Charges to District) – Sa mga pagkakataong ang bill sa serbiyo ng tubig ay tila mali para sa konsyumer, maaring magsagawa ang konsyumer ng paglilinaw sa halagang sinisingil at humingi ng pagrerebisa ng bill na natanggap mula sa Distrito sa mga sumusunod na paraan:

1. Pagtatalo ng Bill o Past Due Notice- sa loob ng dalawampu't isang (21) araw mula sa orihinal na petsa sa bill para sa serbisyo ng tubig, ang konsyumer ay maaring magtanong o humingi ng paliwanag at pagrerebisa ng bill mula sa Distrito. Ang Paglilinaw sa Singil ay nararapat na nakasulat at suportado ng dahilan at dokumento ng pag-apela na idedeliver sa opisina ng Distrito. Hanggang hindi tapos ang pag-iimbestiga sa paglilinaw na isinumite, hindi maaring putulin ng Distrito ang serbisyo ng tubig.
2. Sa loob ng labing-apat na araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap ng Paglilinaw ng Bill na isinumite ng konsyumer, rerebisahin ng Distrito ang bill.
 - (a) Kapag napatunayang mali ang naisaad na halagang babayaran sa bill, magbibigay ang Distrito ng itinamang bill at ang huling araw ng pagbabayad nito ay sa loob ng sampung (10) araw (kabilang ang Sabado at Linggo) mula sa petsa ng itinamang bill. Kapag ang itinamang singil ay hindi nabayaran makalipas ang animnapung (60) araw (kabilang ang Sabado at Linggo) makalipas sa petsang itinamang bill ay naibigay, ang serbisyo ng tubig ay puputulin makalipas ang animnapung araw (kabilang ang Sabado at Linggo) sa kundisyong ang Past Due Notice ay maipadala ng Distrito sa

konsyumer ayon sa Seksiyon 2.0 (B) nakasulat sa itaas ng dokumentong ito.

- (b) Kapag napatunayang tama ng singil na nakasaad sa bill, ang bill ay nararapat na bayaran sa loob ng dalawang (2) araw matapos matanggap ang notipikasyon ng Distrito. Maaaring putulin ang serbisyo ng tubig sa tirahan ng konsyumer kung hindi mababayaran ang bill (i) dalawang araw o “business days” matapos matanggap ang notipikasyon mula sa Distrito na tama ang bill, o (ii) animnapung (60) araw (kabilang ang Sabado at Linggo) mula sa pesta sa orihinal na bill sa kondisyong magbibigay ang Distrito ng Notipikasyon ukol sa Huling Babayaran o “Past Due Notice” ayon sa Seksiyon 2.0(B) nasusulat sa taas ng dokumentong ito.
- (c) Kung ang resulta ng paglilinaw na isinumite ng konsyumer sa Distrito ay salungat o hindi sang-ayon sa sinasabi ng konsyumer, maaring mag-apela ang konsyumer sa Appeals Officer sa loob ng pitong (7) araw (kabilang ang Sabado at Linggo) mula sa petsa ng pagtanggap ng notipikasyon mula sa Distrito. Ang Apela ay nararapat na nasusulat at isumite kalakip ang mga dokumentong sumusuporta sa apela.

B. Pag-Apela sa Appeals Officer – Pagkatanggap ng Apela mula sa konsyumer ayon sa Subseksiyon A sa itaas, isang pagrerebisa ang gagawin ng Director of Finance o ng kanyang itinalagang kinatawan (ang “Appeals Officer”). Rerebisahin nila ang mga isinumiteng ebidensiya at mga impormasyon tungkol sa nililina na mga singil at sila ang magbibigay ng resulta at desisyon tungkol sa halagang nakasaad sa bill.

1. Kapag ang singil sa tubig ay napatunayang mali ng Appeals Officer, magbibigay ang Distrito ng itinatamang bill at ang pagbabayad nito ay nararapat magawa sa loob ng sampung (10) araw (kabilang ang Sabado at Linggo) kung kailan ibinigay ang naitamang bill. Kapag hindi ito nabayaran makalipas ang animnapung (60) araw (kabilang ang Sabado at Linggo) pagkatanggap ng tamang bill, ang serbisyo ng tubig ay puputulin makapilas ang huling araw ng animnapung araw na ibinigay. Ito ay sa kondisyong nagbigay ng notipikasyon tungkol sa Babayaring halaga o Overdue Notice ayon sa Seksiyon 2.0(B).
2. Kapag ang nililina na singil ay napatunayang tama ng Appeals Officer, nararapat na mabayaran ang bill sa loob ng dalawang araw (2 business days) matapos magbigay ng desisyon ang Appeals Officer. Maaring putulin ang serbisyo ng tubig sa tirahan kung hindi nabayaran ang singil : (i) dalawang (2) araw pagkatanggap ng konsyumer ng desisyon ng Appeals Officer, o (ii) animnapung (60) araw mula sa orihinal na petsa sa bill sa kondisyong nagbigay ang Distrito ng Notipikasyon ukol sa Kailangang Bayarang Singil o Past Due Notice sayon sa Seksiyon 2.0(B).

3. Anumang halagang siningil sa bill na humigit sa tamang singil ay isasaad na “credit” sa susunod na regular na bill na tatanggapin ng konsyumer. Maari ring ito ay i-refund nang derecho sa konsyumer kung ito ang desisyong nanaisin ng District.
 4. Hindi ihihinto o puputulin ang serbisyo ng tubig habang nakapending sa Appeals Officer ang apela.
 5. Ang desisyon ng Appeals Officer ukol sa apela ay pinal at ipatutupad.
- 2.3 Pagbabalik ng Serbisyo – ang serbisyo ng tubig na pinutol o ihihinto dahil sa hindi pagbabayad ng bill ay maari lamang ibalik kapag ang buong kabayaran ng lahat ng hindi bayad na singil, multa, deposito at anupamang gastos at singil na kaugnay ng pagbabalik ng serbiyo ay matanggap mula sa konsyumer. The kabayaran ay nararapat na “cash” o kabayaran gamit ang iba pang uri ng sertipikadong pondo. Pagsisikapan ng Distrito na ibalik ang serbisyo sa pinakamadaling paraan sa ikagiginhawa ng konsyumer. Ibabalik ng Distrito ang serbisyo ng tubig bago matapos ang susunod na araw ng trabaho matapos matanggap ang pakiusap ng konsyumer at ang buong kabayaran ng nabanggit na mga sinisingil.